


ENRICHED POTTING PREPARATION (EPP) TECHNOLOGY





EPP

- **Maaaring gawin sa mallit na espasyo** gaya ng mga condo o apartment
- **Makapagbibigay ng gulay** na walang pestisidyo. **Gumagamit ng mga materyales na 'recyclable'**

Ano ang maaaring itanim gamit ang EPP technology?

Vegetables: Lettuce, pechay, mustard, tomato, eggplant, ampalaya, okra, ginger, beans, kangkong, camote topics, saluyot, spring onion, hot pepper, sweet pepper, Chinese celery, cucumber, spinach

Herbs: Basil, mint, parsley, sage, rosemary, thyme, wansoy (coriander), Kaffir lime, tarragon, stevia, gotu loka, oregano, gymura

Ornamentals: Euphorbia, daisy, Dracaena Florida Beauty, impatiens, cactus



Mga kailangang kagamitan:



1. **1.5 o 1 L boteng plastik** ng softdrink na hinati sa gitna. Lagyan ng mga butas ang buong plastik.
2. **Potting medium**
3. **Compost soil extract fertilizer**

Step 1



Ilagay ang **potting medium** sa binaligtad na taas na parte ng plastik ng softdrink.

Step 2



Ilagay ang seedling at wisikan ng tubig. Tiyakin na nakabaon ang ugat nito sa potting medium.

Step 3

Gamit ang ilalim na parte ng bote ng softdrink, **takpan ang seedling** upang protektahan ito laban sa mga peste, malakas na hangin, at ulan.



Step 4 & 5



Ilubog ang parte na may potting medium sa tubig at hayaang tumagas ang labis na tubig.

Step 6 & 7

Isabit ang bote ng plastik sa pamamagitan ng paglagay ng tali sa binaligtad na taas na parte ng plastik.




Step 8

Kapag lumaki na ang seedling, alisin ang pantakip at tubigan ito. **Ilagay ang pantakip sa ilalim** upang saluhin ang labis na tubig sa halaman.



Tip



Kung may naobserbahang **peste sa halaman**, **ilubog ang buong halaman sa timba na may malinis na tubig** nang 10 hanggang 20 minuto. Wag gumamit ng pestisidyo.

Kapag gagamit ng Compost Soil Extract (CSE):



1. **Alugin ang bote ng CSE** at i-dilute ito. Lagyan ng **5 tbsp CSE** ang isang litro ng tubig.
2. **Diligan ang halaman** ng 100 mL ng na-dilute na CSE.
3. Isang beses lamang ito maaaring gawin sa loob ng isang linggo.

Mga kailangang tandaan:



1. Tiyakin na **nakabilad ang halaman** sa araw nang **dalawang oras** lamang.
2. Kapag ang tubig na nasa ilalim na parte ng plastik ay natuyo na, **diligan ang halaman sa pamamagitan ng paglubog nito sa timba ng tubig o pagwisik nang tubig** hanggang magka-tubig ang ilalim na parte nito.